

# Si Suyam at si Titang



Kuwento ni

**Jubilee B. Cañete-Tolang**

Guhit ni

**Alemer O. Veloso**







# Si Suyam at si Titang



## **Learning Competencies:**

*Nakasusulat ng natatanging kuwento tungkol sa natatanging tao sa pamayanan, tugma o maikling tula (F4PU-Ia-2, F4PU-Ic-2.2)*

*Naibibigay ang paksa ng napakinggang teksto (F4PN-IIc-7)*

*Naibibigay ang bagong natuklasang kaalaman mula sa binasang teksto (F4PB-IVe-15)*

*Naipagmamalaki/napahahalagahan ang nasuring kultura ng iba't ibang pangkat etniko tulad ng kuwentong-bayan, katutubong sayaw, awit, laro at iba pa (EsP4PPP-IIIc-d-20)*



## Treasury of Storybooks

.....

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2022 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statutes, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in deliberative assemblies and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended:

Cañete-Tolang, Jubilee B. *Si Suyam at Si Titang*. DepEd-BLR, 2022.

### DEVELOPMENT TEAM

Writer: Jubilee B. Cañete-Tolang

Illustrator: Alemer O. Veloso


Learning Resource Manager: Evangeline A. Vicencio  
Analiza C. Almazan

Davao City  
Region XI









Noong unang panahon, isinilang ang isang uri ng pagbuburda. Suyam ang kaniyang pangalan. Ang mga kamay ng mga katutubong Agusan-Manobo ang gumawa sa kaniya. Pinagaganda niya ang mga kasuotan ng mga ito. Mula sa simpleng mga linya, nabubuo ang mga disenyo na representasyon ng kanilang kultura.

Apat na kulay ang palaging bitbit ni Suyam. Ang una ay pula na sagisag ng katapangan. Sunod naman ay itim para sa paglalakbay, habang ang puti ay para sa kadalisayan. Ang pang-apat ay dilaw na nangangahulugang kapayapaan.

Dahil siya ay isang sining, ang haba ng kaniyang buhay ay hindi pa naitakda. Hangga't may mga kamay na ginagabayan ng espiritu, si Suyam ay patuloy na mabubuhay at magpapasalin-salin sa iba't ibang henerasyon.











A stylized illustration of a hand holding a red ribbon. The hand is rendered in a dark brown, almost black, color with a thick, textured brushstroke. The red ribbon is a vibrant, solid red, flowing from the hand towards the right. The background is a mosaic of light blue and white geometric shapes, creating a textured, crystalline effect. A large, soft blue cloud-like shape is visible on the right side of the background. The overall style is modern and artistic, with a focus on bold colors and geometric patterns.

Masayang-masaya si Suyam kapag siya ay ibinuburda. Para siyang nakikipagsayaw sa mga kamay na lumilikha sa kaniya. ‘Di mabilang na tusok at hila ang ginagawa nila hanggang mabuo ang disenyo. Noong unang panahon, maraming mga babaeng Manobo ang tahimik na gumagawa nito. Kadalasa’y babae ang gumagawa ng suyam dahil nangangailangan ng mahabang pasensya ang mabusising paggawa nito.

“Isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito, walo, siyam, sampu, at marami pa!” masayang pagbibilang ni Suyam. “Ang edad ng mga babae ay iba-iba, may matanda at bata. Sila ay sama-samang gumagawa! Siguradong mananatili akong buhay at maganda.”



Ngunit, hindi nagtagal ang kaligayahan ni Suyam. Sa paglipas ng panahon, nabawasan ang mga kamay na lumilikha sa kaniya.

“Isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito, walo. Naku, nababawasan na sila,” nangangambang pahayag ni Suyam. “Di bale, kahit paano ay marami-rami pa naman sila. Baka sa susunod, muli pang dadami ‘yan,” pilit na pagpapasaya niya sa sarili.

Lumipas pa ang panahon at lalong nag-aalala si Suyam.


“Isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim,” mabagal na pagbilang nito. “Nakakalungkot, kakaunti na lamang sila at lahat ay matatanda pa. Nasaan na ang kabataan na magpapatuloy sa pagbuburda?” maluha-luha na si Suyam. “Malapit na ba akong mamaalam?”











Hindi lahat ng mga babaeng Manobo ay marunong gumawa ng suyam. Naniniwala sila na ang espiritu ang namimili at gumagabay sa mga mambuburda. Kakaunti na lang din ang mga interesado na ipagpatuloy ang paggawa ng suyam kaya nanganganib na hindi na ito maipasa sa susunod na henerasyon.

Isang araw, ginising si Suyam ng isang kakaibang pakiramdam. May nagbuburda, pero bakit parang hindi siya nasisiyahan? Iba ang kaniyang nararamdaman.

“Sino itong babaeng nagbuburda? Bakit hindi siya katulad ng mga babaeng nagbuburda sa akin noon?” pagtataka ni Suyam.

“Ay, mali ang tusok! Kulang din ang bilang!” reklamo ni Suyam.

“Aray!” pabulong na sabi ni Titang. Natusok ng karayom ang kaniyang daliri. Makailang beses pang nagkamali at nahirapan si Titang sa kaniyang pagbuburda.













Hindi nagtagal, naintindihan din ni Suyam kung bakit kakaiba ang kaniyang pakiramdam para sa nagbuburdang si Titang.

“Aha, hindi siya Manobo na tulad ng iba!”

Si Titang ay mananahi mula sa kabilang probinsya. Una niyang natutuhan ang paggawa ng basket gamit ang katutubong disenyo mula sa mga pagsasanay na ibinibigay ng pamahalaan. Sa kasasali niya, nalaman niya ang tungkol sa paggawa ng suyam. Naging interesado si Titang sa pagbuburdang ito kaya dumayo pa siya sa bayan ng Esperanza, Agusan del Sur para matutunan lang ang suyam.



Pag-uwi ni Titang sa bayan ng Cabadbaran, ipinagpatuloy niya ang paggawa ng suyam. Sa simula ay napakasaya niya dahil, napagbuti niya ang sarili sa parehong paglalala ng basket at paggawa ng suyam. Naituro rin niya ito sa kaniyang mga anak, kaya sama-sama silang mag-anak sa paggawa ng suyam.

“Isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito, walo, siyam, sampu!” masayang pagbibilang ni Suyam sa mga kamay na nagbuburda. “Sa bahay pa lang na ito, marami ng nagbuburda.”










Itinuro rin ni Titang ang kaniyang kaalaman maging sa mga kababaihan sa kanilang pamayanan. Masayang-masaya si Suyam dahil dumarami ang mga sumusubok na magburda.

Maliban sa pagpapanatiling buhay sa sining ng pagsusuyam, ang paglikha nito ang pinagkukunan din ng hanapbuhay ng mga kababaihan sa pamayanan. Kumikita man, hindi ito sumasapat sa pangangailangan ng pamilya ni Titang.















The background of the page is an abstract composition of numerous overlapping, irregular geometric shapes in a variety of colors including shades of blue, green, yellow, orange, and purple. These shapes create a textured, mosaic-like effect. At the bottom of the page, there is a stylized illustration of a wave, rendered with dark blue and purple tones, contrasting with the lighter, more vibrant colors of the background.

Isang araw ay napansin ni Suyam na malungkot si Titang habang nagbuburda. Iniisip ni Titang ang maraming pangangailangan ng mga anak niya – ang kanilang pag-aaral, pambayad sa kuryente, pambili ng pagkain, pati na rin ang pangangailangan ng nilalagnat niyang bunso.

Unti-unting natakot si Suyam. “Hindi ka na ba masaya sa paggawa ng suyam, Titang? Huwag kang titigil, pakiusap,” suyo ni Suyam.





Parang narinig naman ni Titang ang panunuyo ni Suyam. Bigla itong ngumiti at bumalik sa tila pagsasayaw na pagbuburda niya. Dinoble ni Titang ang kaniyang pagsisikap upang mapaunlad ang kabuhatan at maipagpatuloy ang tradisyunal na pagbuburda, pati na rin ang paglalala ng basket.

Sa pamamagitan ng mga kamay ni Titang, nakilala at naisuot ng ordinaryong mamamayan ang mga damit na pinaganda ng suyam. Inirampa rin ito ng mga banyagang kandidata sa isang timpalak sa pagandahan. Naitampok din si Suyam sa mga damit na isinuot ng mga modelo at kilalang tao.









Iginugol ni Titang ang maraming taon ng kaniyang buhay sa pagpapalago ng kaniyang kabuhayan at pagtuturo ng suyam sa iba pang nais matututo nito. “Nasa dapit-hapon na ako ng aking buhay. Kaya’t nais kong maibalik sa inyo ang kaalaman tungkol sa sining ninyo. Maaaring wala na ako para batiin kayo sa inyong mga tagumpay. Gayunpaman, sapat na sa akin ang mabigyan ako ng pagkakataong magpunla ng kaalaman at kamalayan sa isipan ninyo,” mensahe ni Titang sa mga babaeng Manobo na lumahok sa pagsasanay na kaniyang pinamunuan.



Sa paglipas ng panahon, ramdam na ni Suyam na tumatanda na nga si Titang. Bumabagal na ang kaniyang pagbuburda at ang kaniyang mga kamay ay naninigas na rin.

“Kulubot na ang iyong mga kamay at litaw na ang iyong mga ugat Titang. Pero, para sa akin, ang iyong mga kamay ay mananatiling maganda!” pagpupuri ni Suyam. “Marami ka ng naiburda at malaki na ang iyong nagawa. Kung gusto mo, maaari ka ng magpahinga.”







Sa edad na walumpu't isa ay pumanaw na si Titang. Nabawasan man ng isang pares ng kamay ang mga kasayaw ni Suyam, patuloy siyang mabubuhay sa pamamagitan ng mga kabataang mambuburdang Manobo, mga kababaihang naturuan ni Titang, at ng iba pang bihasa sa pagsusuyam. Umaasa siyang higit pang darami ang makasasayaw niyang mga kamay sa bagong henerasyon ng mga mambuburda.











## Ang Manunulat

Si Jubilee B. Cañete-Tolang ay nagtapos ng kursong Batsilyer ng Edukasyon sa Elementarya sa University of Southeastern Philippines (USEP), Obrero Campus, Davao City. Natapos na rin niya ang kursong Dalubhasa sa Edukasyon sa Larangan ng Pangasiwaang Pang-edukasyon sa parehong unibersidad. Sa kasalukuyan, siya ay nagtuturo sa Ika-anim na Baitang sa Mababang Paaralan ng Don Francisco S. Dizon, Sr., Sangay ng Lungsod ng Davao.



Maliban sa pagsusulat ng kuwento, malapit din sa kaniyang puso ang pagsulat ng tula at pagtatanghal nito sa entablado. Isa rin siyang Tagapayo ng Pahayagang Pampaaralan at manunulat ng modyul para sa Pahayagang Pampaaralan sa ika-apat na baitang. Aktibo rin siya sa pagtataguyod ng kagalingan sa pagbasa bilang Koordineytor sa Pagbasa ng kanilang purok.

## Ang Tagaguhit



Si Alemer O. Veloso ay nagtapos ng kursong Batsilyer sa Sekundaryong Edukasyon sa larangan ng Pisika at kasalukuyang nagsusulat ng tesis sa kursong Dalubhasa sa Sining sa Pagtuturo ng Agham sa Larangan ng Pisika sa University of Southeastern Philippines (USEP). Maliban sa pagtuturo siya rin ay isang UI/UX designer. Sa kasalukuyan sya ay nagtuturo sa Mababang Paaralan ng Vedasto F. Corcuera.



## **Si Suyam at Si Titang**

Ang suyam ay isang uri ng pagbuburda na katangi-katangi sa Agusan-Manobo. Bilang sining, ang buhay nito ay nakadepende sa mga kamay na patuloy na gumagawa nito. Noon ay maraming kababaihang Manobo ang nagbuburda. Ngunit, sa paglipas ng panahon, kakaunti na lamang ang nagpapaptuloy sa paglikha ng suyam. Makatutulong kaya si Titang na maipasa sa susunod na henerasyon ang sining ng suyam kahit na siya ay hindi naman Manobo?

